PARA SA IKABUBUTI MO: MGA PROGRAMA NG CALIFORNIA PARA SA WALANG TRABAHO

INSURANCE SA PAGKAWALA NG TRABAHO

INSURANCE SA PAGKAKAROON NG KAPANSANAN

MAY BAYAD NA FAMILY LEAVE

MGA SERBISYO PARA SA MGA MANGGAGAWA

EDD Employment Development Department
State of California

DE_2320/T Rev. 60 (1-16) **(INTERNET)** Cover + 27 pages CU/GA 892A

Ang pamphlet na ito ay para sa pagbibigay lang ng pangkalahatang impormasyon at wala itong bisa ng batas, tuntunin o regulasyon.

Para sa Ikabubuti Mo: Mga Programa ng California para sa Walang Trabaho

Ginawa ang pamphlet na ito upang ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga programang inaalok ng Employment Development Department (EDD, Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Pagtatrabaho) para sa ikabubuti ng mga taga-California na walang trabaho.

Upang dagdagan ang nalalaman tungkol sa mga serbisyo ng EDD, i-access ang home page ng EDD sa **www.edd.ca.gov**. Maaari kang magsumite ng mga tanong sa electronic na paraan sa pamamagitan ng "Contact EDD" ("Makipag-ugnayan sa EDD") na makikita sa ibaba ng home page ng EDD.

Insurance sa Pagkawala ng Trabaho..... 2

Sa pamamagitan ng Unemployment Insurance (UI, Insurance sa Pagkawala ng Trabaho), makakatanggap ng kita ang mga manggagawa na mawawalan ng trabaho nang hindi nila kasalanan at walang makuhang ibang trabaho.

Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan..... 20

Ang Disability Insurance (DI, Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan) ay bahagi ng Programang State Disability Insurance (SDI, Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan mula sa Estado) at nagbibigay ito ng mga benepisyo sa mga kwalipikadong manggagawa na kinakaltasan ng sahod kapag hindi nila nagagawa ang regular o karaniwan nilang trabaho dahil sa karamdaman o pinsala na hindi nauugnay sa trabaho, pagbubuntis, o panganganak.

May Bayad na Family Leave..... 22

Ang Paid Family Leave (PFL, May Bayad na Family Leave) ay bahagi ng SDI at nagbibigay ng mga benepisyo sa mga indibidwal na hindi makapagtrabaho dahil kailangan nilang mag-alaga ng miyembro ng pamilya na may malubhang karamdaman o makasama ang bagong anak na wala pa sa hustong gulang.

Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa 23

Ang Workforce Services (Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa) ng EDD ay tumutulong sa mga naghahanap ng trabaho na makahanap ng naaangkop na trabaho.

Insurance sa Pagkawala ng Trabaho

Ang Unemployment Insurance (UI, Insurance sa Pagkawala ng Trabaho) ay isang programa ng insurance na binabayaran ng iyong employer. Sa pamamagitan nito, makakatanggap ka ng kita kapag nawalan ka ng trabaho nang hindi mo kasalanan.

Sino ang Dapat Maghain

Maaari kang maghain ng claim para sa mga benepisyo ng Unemployment Insurance (UI, Insurance sa Pagkawala ng Trabaho) kung hindi ka na nagtatrabaho o mabawasan ang iyong mga oras ng trabaho. Upang maging kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo ng UI, dapat ay nawalan ka ng trabaho nang hindi mo kasalanan at mayroon kang pisikal na kakayahang magtrabaho, handa kang tumanggap ng trabaho, at naghahanap ka ng trabaho.

Kailan Dapat Maghain

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo sa sandaling mawalan ka ng trabaho o mabawasan ang iyong mga oras ng trabaho. Ihahain ang iyong claim sa araw ng Linggo sa linggo kung kailan ka maghahain. May isang linggong paghihintay na walang bayad para sa lahat ng claim. Hindi magsisimula ang panahon ng paghihintay hangga't hindi inihahain ang claim.

Ang Kailangan Mo sa Paghahain

Upang matukoy kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng UI, maraming itatanong sa iyo, gaya ng impormasyon tungkol sa mga dati mong employer at ang dahilan kung bakit wala kang trabaho sa kasalukuyan. Upang matiyak na maihahain ang iyong claim sa lalong madaling panahon, dapat mong ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan (kabilang ang lahat ng pangalang ginamit mo habang nagtatrabaho) at Social Security number (SSN).

- Ang iyong mailing address at address ng tirahan (kasama ang ZIP code), at numero ng telepono (kasama ang area code).

- Impormasyon ng huling employer, kabilang ang: pangalan, address (mailing address at aktwal na lokasyon), at numero ng telepono. Kakailanganin din namin ang ZIP code para sa parehong address (mailing address at aktwal na lokasyon), ang area code para sa numero ng telepono ng huling employer mo, at ang huling araw ng trabaho.

- Ang dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho sa huling employer mo. Maaaring nagbitiw ka, natanggal dahil sa mga usaping pangnegosyo, nasisante, o kaya ay umalis dahil sa hindi pagkakaunawaan sa trabaho. Tukuyin ang partikular na dahilan kung bakit wala kang trabaho dahil dapat ipadala sa huling employer mo ang impormasyong ibibigay mo sa amin. Kung nagbitiw ka, nasisante, o kaya ay umalis dahil sa hindi pagkakaunawaan sa trabaho, magtatakda ng iskedyul upang makapanayam ka sa telepono sa hinaharap. Ang impormasyong makukuha namin sa panayam ay makakatulong sa amin na mapagpasyahan ang pagiging kwalipikado mo na makatanggap ng mga benepisyo.

- Impormasyon tungkol sa lahat ng employer na pinagtrabahuhan mo sa loob ng 18 buwan bago ihain ang iyong claim, kasama ang pangalan, panahon ng pagtatrabaho, mga sinahod, at paraan ng pagbabayad sa iyo, kabilang ang mga employer na pinagtrabahuhan mo sa ibang mga estado.

- Kung naglingkod ka sa hukbong militar sa nakalipas na 18 buwan, ang impormasyong nakasaad sa iyong kopya ng Member 4 ng DD 214.

- Kung nagtrabaho ka sa pederal na pamahalaan sa nakalipas na 18 buwan, ang impormasyong nakasaad sa iyong *Standard Form 8, "Notice to Federal Employees About Unemployment Insurance"* ("Abiso sa Mga Empleyado ng Pederal na Pamahalaan tungkol sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho").

- Ang status ng iyong citizenship at kung mayroon kang legal na karapatan na magtrabaho sa Estados Unidos. Kapag isinaad ng mga indibidwal na nakarehistro sila sa United States Citizenship and Immigration Services (USCIS, Mga Serbisyo para sa Citizenship at Imigrasyon ng Estados Unidos, kilala dati bilang INS) at awtorisado silang magtrabaho sa Estados Unidos, hihingin sa kanila ang titulo ng kanilang dokumento ng awtorisasyon sa pagtatrabaho at ang impormasyong nakasaad sa dokumento ng USCIS, gaya ng Alien Registration Number, Card Number (Numero ng Card) at/o Expiration Date (Petsa Kung Kailan Mawawalan ng Bisa).

- Numero ng lisensya sa pagmamaneho o numero ng identification card na mula sa estado.

- Mga talaan ng dating trabaho at mga petsa ng pagtatrabaho kasama ang mga pangalan, mga petsa ng pagtatrabaho, at mga sinahod para sa lahat ng iyong employer sa loob ng nakalipas na 18 buwan, kabilang ang mga employer na pinagtrabahuhan mo sa ibang mga estado.

TANDAAN: Lubhang mahalaga ang pangalan at address ng huling employer mo, gaano ka man katagal na nagtrabaho sa employer na ito o kung nasa karaniwang linya ng trabaho mo man ang huling trabaho na ito o hindi. Itala ang huling employer na pinagtrabahuhan mo gaano ka man katagal na nagtrabaho sa employer na ito at ang petsa kung kailan ka huling nagtrabaho. Kung nagtatrabaho ka nang part-time, siguraduhing ipaalam sa amin na nagtatrabaho ka pa rin at ibigay sa amin ang bilang ng mga oras na tinatrabaho mo bawat linggo.

MGA PARUSA

Kung sadya kang magbibigay ng hindi totoong impormasyon o kung sadya kang hindi magbibigay ng impormasyon upang makakuha ng mga benepisyo, hahatulan ka ng EDD ng diskwalipikasyon dahil sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag. Ang diskwalipikasyon dahil sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag ay isang parusa na magkakait sa iyo ng mga benepisyo sa loob ng 2 hanggang 23 linggo. Mananatiling nakasaad sa talaan mo ang parusa sa loob ng tatlong taon o hanggang sa mapagbayaran ito, alinman ang mauna. Upang mapagbayaran ang mga linggo ng parusa, dapat kang patuloy na magpa-certify para sa mga benepisyo ng UI, at dapat ay kwalipikado kang matanggap ang mga benepisyo sa bawat linggong iyon.

Labag sa batas ang sadyang pagbibigay ng mga hindi totoong pahayag o ang sadyang hindi pag-uulat ng lahat ng impormasyon upang makatanggap ng mga benepisyo. Maaaring ituring na felony (mabigat na krimen) ang pagbibigay ng hindi totoong pahayag o ang hindi pagbibigay ng impormasyon upang makatanggap ng mga benepisyo. Ang taong mahahatulan sa bisa ng Seksyon 2101 ng Unemployment Insurance Code (Mga Alituntunin sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho) ay mawawalan ng karapatang kumuha ng mga benepisyo sa loob ng 52 linggo. Maaaring buuin ang mga parusa ng mga multa at pag-uusig sa kasong kriminal.

Paano Maghain

Maaari kang maghain ng claim sa UI sa pamamagitan ng paggamit sa **isa** sa mga paraang nakalista sa ibaba:

- **Online**

  Maghain online gamit ang eApply4UI. Ito ang pinakamabilis na paraan upang maghain ng bagong claim sa UI. Madali, secure, at magagamit ito sa wikang Ingles at Spanish 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. I-access ang eApply4UI sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov/eapply4ui**.

  Ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan upang muling magbukas ng dati nang claim ay sa pamamagitan ng iyong UI Online℠ account. Mag-log in sa iyong UI Online℠ account at piliin ang button na "Reopen Your Claim" ("Muling Buksan ang Iyong Claim") at sagutan ang lahat ng tanong.

- **Telepono**

  Maghain sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isang customer service representative sa isa sa mga numerong nakalista sa ibaba:

  Mga Toll-Free na Numero ng Telepono para sa UI ng EDD:

Ingles	**1-800-300-5616**	**Mandarin**	**1-866-303-0706**
Spanish	**1-800-326-8937**	**Vietnamese**	**1-800-547-2058**
Cantonese	**1-800-547-3506**	**TTY (non-voice)**	**1-800-815-9387**

  Pinangangasiwaan ng mga customer service representative ang paghahain ng claim sa UI, mga tawag para sa impormasyon tungkol sa claim sa UI, at mga tawag tungkol sa mga napalampas na appointment, mga pag-apela, at mga sobrang bayad, Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 12 p.m. (Pacific Time). Lunes at Martes ang mga pinakaabalang araw. Para sa mas mabilis na serbisyo, maaari kang tumawag nang Miyerkules hanggang Biyernes. Gayunpaman, upang maghain ng claim, dapat kang tumawag bago matapos ang Biyernes ng linggo kung kailan ka nawalan ng trabaho o kung kailan nabawasan ang iyong mga oras ng trabaho upang makatanggap ng credit para sa linggong iyon. Sarado ang EDD sa pagdiriwang ng mga holiday ng estado.

  Ang Interactive Voice Response (IVR) System ay nagbibigay ng impormasyon ng pagbabayad at pangkalahatang impormasyon kaugnay ng UI 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Kabilang sa impormasyon ng pagbabayad ng UI ang petsa kung kailan ibinigay ang huling bayad sa iyo, ang halagang ibinayad, ang yugto ng panahon na nabigyan na ng bayad, at ang natitirang balanse sa iyong claim. Upang ma-access ang impormasyon ng pagbabayad sa iyo, hihilingin sa iyo na i-type mo ang iyong SSN at Personal Identification Number (PIN) sa keypad ng iyong telepono. Kakailanganin mong magtakda ng PIN sa unang pagkakataon na gamitin mo ang IVR upang ma-access ang impormasyon ng pagbabayad sa iyo. Nagbibigay ang IVR System ng EDD ng sunud-sunod na tagubilin upang magabayan ka sa mga serbisyong gusto mo, sa wikang Ingles at Spanish. **Upang mas mabilis na ma-access ang impormasyon ng pagbabayad, tumawag sa Naka-automate na Self-Service na toll-free na numero ng EDD sa 1-866-333-4606, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.**

- **Mail o Fax**

  Maghain sa pamamagitan ng mail o fax sa pamamagitan ng pag-a-access sa aplikasyon online sa **www.edd.ca.gov/Unemployment**. Ang aplikasyon para sa UI ay maaaring sagutan online at i-print, o kaya ay i-print at sagutan nang pakamay. Ipadala sa pamamagitan ng fax o mail ang iyong aplikasyon para sa UI sa tanggapan ng EDD para sa pagpoproseso gamit ang numero ng fax o ang mailing address.

Pamimigil at Pagtukoy ng Panloloko

Nababatid ng EDD ang iyong mga alalahanin tungkol sa panloloko ng nagpapanggap at banta ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Nangyayari ang panloloko ng nagpapanggap kapag may taong sadyang naghain ng claim sa UI gamit ang impormasyon sa pagtatrabaho o personal na impormasyon ng ibang tao. Aktibong iniimbestigahan ng EDD ang mga kaso ng panloloko ng nagpapanggap at layunin nitong protektahan ang mga pagkakakilanlan ng mga lehitimong claimant. Kung maghain ka ng claim sa UI at may dahilan upang paghinalaang maaaring may mga isyu sa pagkakakilanlan o panloloko ng nagpapanggap ang claim sa UI, maaari kang makatanggap ng *Request for Identity Verification,* DE 1326C, (Kahilingan para sa Pagpapatunay ng Pagkakakilanlan), na hihiling sa iyo na patunayan ang ibinigay na impormasyon noong naghain ka para sa mga benepisyo ng UI. Makikipag-ugnayan din ang EDD sa (mga) employer at mga entity ng pamahalaan upang patunayan ang mga dokumento at anumang impormasyon na ibibigay mo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga hakbang na maaari mong gawin upang maprotektahan ang iyong pagkakakilanlan at mapigilan ang panloloko ng nagpapanggap, i-download ang brochure na *Protect Your Identity and Stop Unemployment Insurance Imposter Fraud,* DE 2360EE, (Protektahan ang Iyong Pagkakakilanlan at Pigilan ang Panloloko ng Nagpapanggap kaugnay ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho), sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov/pdf_pub_ctr/de2360ee.pdf**.

Upang mag-ulat ng panloloko kaugnay ng UI, magsumite ng Fraud Reporting Form (Form para sa Pag-uulat ng Panloloko) online mula sa website ng EDD sa **https://askedd.edd.ca.gov/frmFraudStart.htm**, at piliin ang Kategoryang "Reporting Fraud" ("Pag-uulat ng Panloloko"), o tumawag sa toll-free na Fraud Hotline ng EDD sa 1-800-229-6297.

Mga Uri ng Mga Claim

Ang claim na ihahain mo ay nakadepende sa uri ng employer na pinagtrabahuhan mo at kung saan ka nagtrabaho.

Maghahain ka ng:

- Regular na claim sa California kung nagtrabaho ka sa California at nasasaklaw ang trabahong ito ng batas sa UI kahit na hindi ka na sa California nakatira ngayon.

- Pederal na claim kung nagtrabaho ka bilang sibilyan sa pederal na pamahalaan (binabayaran ang mga gastos sa benepisyo gamit ang mga pederal na pondo).

- Pangmilitar na claim kung nagtrabaho ka bilang miyembro ng Armed Forces (Hukbong Sandatahan) (binabayaran ang mga gastos sa benepisyo gamit ang mga pederal na pondo).

- Pinagsamang sahod na claim kung sumahod ka sa California at sa kahit isa pang estado sa nakalipas na 18 buwan. Sa ganitong uri ng claim, maaaring lumaki ang iyong mga benepisyo ng UI.

- Interstate na claim sa iba pang estado kung nagtrabaho ka at sumahod sa isang estado bukod sa California sa nakalipas na 18 buwan, ngunit nakatira ka na ngayon sa California. Maaari kang makipag-ugnayan sa iba pang estado, District of Columbia, Puerto Rico, o Canada nang direkta sa pamamagitan ng telepono o sa Internet upang ihain ang iyong claim sa kanila. Kung nagtrabaho ka sa Virgin Islands, makipag-ugnayan sa toll-free na numero ng EDD upang ihain ang iyong interstate na claim sa kanila.

Petsa ng Pagsisimula ng Claim

Magsisimula ang taon ng benepisyo ng iyong claim sa araw ng Linggo ng linggo kung kailan ka maghahain at magtatapos ito sa araw ng Sabado, 52 linggo pagkatapos mong maghain. Sa taon ng benepisyo ng claim, magpapa-certify ka para sa mga benepisyo bawat dalawang linggo at babayaran ka ng mga benepisyo ng UI, kung matutugunan mo ang lahat ng pamantayan sa pagiging kwalipikado. Babayaran ka maliban na lang kung hihinto ka sa pagpapa-certify para sa mga benepisyo sa anumang dahilan o hanggang sa maubos ang balanse, o matapos ang taon ng benepisyo para sa claim, o hanggang sa hindi mo na matugunan ang lahat ng pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa UI, alinman ang mauna. Hindi ka maaaring maghain ng panibagong claim sa California hangga't hindi natatapos ang taon ng benepisyo para sa claim, kahit na natanggap mo na ang lahat ng iyong benepisyo at wala ka pa ring trabaho. Kung nagtrabaho ka sa ibang estado sa loob ng nakalipas na 18 buwan, maaaring kwalipikado kang maghain ng bagong claim sa estadong iyon.

Paano Tinutukoy ang Iyong Mga Benepisyo ng UI

Ang iyong lingguhang benepisyo ng UI, na tinatawag na Weekly Benefit Amount (Halaga ng Lingguhang Benepisyo) at ang kabuuang mga benepisyo na makukuha sa iyong claim, na tinatawag na iyong Maximum Benefit Amount (Maximum na Halaga ng Benepisyo), ay parehong nakabatay sa mga sinahod mo sa Base Period (Batayang Panahon) ng iyong claim. Ang iyong Batayang Panahon ay binubuo ng 12 buwan. Ang bawat Batayang Panahon ay may apat na quarter na binubuo ng tatlong buwan bawat isa. May dalawang uri ng mga batayang panahon na maaaring gamitin upang magpasimula ng claim: Ang **Standard Base Period (Karaniwang Batayang Panahon)** at ang **Alternate Base Period (Alternatibong Batayang Panahon)**. Para sa higit pang impormasyon patungkol sa dalawang uri ng mga batayang panahon, basahin ang mga sumusunod na paliwanag.

Karaniwang Batayang Panahon

Ang **Karaniwang Batayang Panahon** ay ang **UNANG** apat sa nakalipas na limang nakumpletong quarter sa kalendaryo bago ang petsa ng pagsisimula ng claim.

Para sa impormasyon sa kung ano ang maaaring maging **Karaniwang** Batayang Panahon mo kapag inihain mo ang iyong claim, sumangguni sa chart sa ibaba. Ang may shade na bahagi ay ang Batayang Panahon. Ang walang shade na bahagi ay ang buwan kung kailan inihain ang claim.



Alternatibong Batayang Panahon
Kung hindi sapat ang mga sinahod mo sa Karaniwang Batayang Panahon upang magpasimula ng claim, isasaalang-alang ng EDD kung kwalipikado kang maghain ng claim gamit ang Alternatibong Batayang Panahon. Maaari **lang** gamitin ang Alternatibong Batayang Panahon upang maghain ng claim sa UI kapag walang mga sapat na sinahod sa Karaniwang Batayang Panahon upang maghain ng wastong claim sa UI ayon sa halaga.

Ang **Alternatibong Batayang Panahon** ay ang **HULING** apat na nakumpletong quarter sa kalendaryo bago ang petsa ng pagsisimula ng claim.

Para sa impormasyon sa kung ano ang maaaring maging **Alternatibong** Batayang Panahon* mo kapag inihain mo ang iyong claim, sumangguni sa chart sa ibaba. Ang may shade na bahagi ay ang Batayang Panahon. Ang walang shade na bahagi ay ang buwan kung kailan inihain ang claim.



***Maaari lang maghain ng claim sa Alternatibong Batayang Panahon kapag hindi sapat ang mga sinahod sa Karaniwang Batayang Panahon upang maghain ng wastong claim.**

Magkano ang Ibinabayad ng UI

Upang maging wasto ang iyong claim, dapat ay mayroon kang hindi bababa sa $1,300 sa mga sinahod sa isang quarter ng iyong batayang panahon o hindi bababa sa $900 sa mga sinahod sa pinakamataas na quarter at kabuuang mga sinahod sa batayang panahon na 1.25 beses na mas malaki kaysa sa mga sinahod mo sa mataas na quarter. Maaari kang makatanggap ng minimum na $40 hanggang sa maximum na $450 bawat linggo. Matutukoy ang Halaga ng Lingguhang Benepisyo na matatanggap mo batay sa quarter kung kailan ka sumahod nang pinakamalaki. Ang Maximum na Halaga ng Benepisyo ay 26 na beses na mas malaki kaysa sa Halaga ng Lingguhang Benepisyo o kalahati ng kabuuang mga sahod sa Batayang Panahon, alinman ang mas mababa. Makakatulong sa iyo ang sumusunod na talahanayan na malaman ang matatanggap mo:

Talahanayan ng Benepisyo ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho
Para sa Mga Bagong Claim na may Petsa ng Pagsisimula na Enero 2, 2005 o Pagkatapos Nito

Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo	Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo	Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo
$ 900.00 – 948.99	$ 40	$ 2,210.01 – 2,236.00	$86	$ 3,406.01 – 3,432.00	$132
949.00 – 974.99	41	2,236.01 – 2,262.00	87	3,432.01 – 3,458.00	133
975.00 – 1,000.99	42	2,262.01 – 2,288.00	88	3,458.01 – 3,484.00	134
1,001.00 – 1,026.99	43	2,288.01 – 2,314.00	89	3,484.01 – 3,510.00	135
1,027.00 – 1,052.99	44	2,314.01 – 2,340.00	90	3,510.01 – 3,536.00	136
1,053.00 – 1,078.99	45	2,340.01 – 2,366.00	91	3,536.01 – 3,562.00	137
1,079.00 – 1,117.99	46	2,366.01 – 2,392.00	92	3,562.01 – 3,588.00	138
1,118.00 – 1,143.99	47	2,392.01 – 2,418.00	93	3,588.01 – 3,614.00	139
1,144.00 – 1,169.99	48	2,418.01 – 2,444.00	94	3,614.01 – 3,640.00	140
1,170.00 – 1,195.99	49	2,444.01 – 2,470.00	95	3,640.01 – 3,666.00	141
1,196.00 – 1,221.99	50	2,470.01 – 2,496.00	96	3,666.01 – 3,692.00	142
1,222.00 – 1,247.99	51	2,496.01 – 2,522.00	97	3,692.01 – 3,718.00	143
1,248.00 – 1,286.99	52	2,522.01 – 2,548.00	98	3,718.01 – 3,744.00	144
1,287.00 – 1,312.99	53	2,548.01 – 2,574.00	99	3,744.01 – 3,770.00	145
1,313.00 – 1,338.99	54	2,574.01 – 2,600.00	100	3,770.01 – 3,796.00	146
1,339.00 – 1,364.99	55	2,600.01 – 2,626.00	101	3,796.01 – 3,822.00	147
1,365.00 – 1,403.99	56	2,626.01 – 2,652.00	102	3,822.01 – 3,848.00	148
1,404.00 – 1,429.99	57	2,652.01 – 2,678.00	103	3,848.01 – 3,874.00	149
1,430.00 – 1,455.99	58	2,678.01 – 2,704.00	104	3,874.01 – 3,900.00	150
1,456.00 – 1,494.99	59	2,704.01 – 2,730.00	105	3,900.01 – 3,926.00	151
1,495.00 – 1,520.99	60	2,730.01 – 2,756.00	106	3,926.01 – 3,952.00	152
1,521.00 – 1,546.99	61	2,756.01 – 2,782.00	107	3,952.01 – 3,978.00	153
1,547.00 – 1,585.99	62	2,782.01 – 2,808.00	108	3,978.01 – 4,004.00	154
1,586.00 – 1,611.99	63	2,808.01 – 2,834.00	109	4,004.01 – 4,030.00	155
1,612.00 – 1,637.99	64	2,834.01 – 2,860.00	110	4,030.01 – 4,056.00	156
1,638.00 – 1,676.99	65	2,860.01 – 2,886.00	111	4,056.01 – 4,082.00	157
1,677.00 – 1,702.99	66	2,886.01 – 2,912.00	112	4,082.01 – 4,108.00	158
1,703.00 – 1,741.99	67	2,912.01 – 2,938.00	113	4,108.01 – 4,134.00	159
1,742.00 – 1,767.99	68	2,938.01 – 2,964.00	114	4,134.01 – 4,160.00	160
1,768.00 – 1,806.99	69	2,964.01 – 2,990.00	115	4,160.01 – 4,186.00	161
1,807.00 – 1,832.99	70	2,990.01 – 3,016.00	116	4,186.01 – 4,212.00	162
1,833.00 – 1,846.00	71	3,016.01 – 3,042.00	117	4,212.01 – 4,238.00	163
1,846.01 – 1,872.00	72	3,042.01 – 3,068.00	118	4,238.01 – 4,264.00	164
1,872.01 – 1,898.00	73	3,068.01 – 3,094.00	119	4,264.01 – 4,290.00	165
1,898.01 – 1,924.00	74	3,094.01 – 3,120.00	120	4,290.01 – 4,316.00	166
1,924.01 – 1,950.00	75	3,120.01 – 3,146.00	121	4,316.01 – 4,342.00	167
1,950.01 – 1,976.00	76	3,146.01 – 3,172.00	122	4,342.01 – 4,368.00	168
1,976.01 – 2,002.00	77	3,172.01 – 3,198.00	123	4,368.01 – 4,394.00	169
2,002.01 – 2,028.00	78	3,198.01 – 3,224.00	124	4,394.01 – 4,420.00	170
2,028.01 – 2,054.00	79	3,224.01 – 3,250.00	125	4,420.01 – 4,446.00	171
2,054.01 – 2,080.00	80	3,250.01 – 3,276.00	126	4,446.01 – 4,472.00	172
2,080.01 – 2,106.00	81	3,276.01 – 3,302.00	127	4,472.01 – 4,498.00	173
2,106.01 – 2,132.00	82	3,302.01 – 3,328.00	128	4,498.01 – 4,524.00	174
2,132.01 – 2,158.00	83	3,328.01 – 3,354.00	129	4,524.01 – 4,550.00	175
2,158.01 – 2,184.00	84	3,354.01 – 3,380.00	130	4,550.01 – 4,576.00	176
2,184.01 – 2,210.00	85	3,380.01 – 3,406.00	131	4,576.01 – 4,602.00	177

Talahanayan ng Benepisyo ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho
Para sa Mga Bagong Claim na may Petsa ng Pagsisimula na Enero 2, 2005 o Pagkatapos Nito

Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo	Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo	Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo
$ 4,602.01 – 4,628.00	$178	$ 5,798.01 – 5,824.00	$224	$ 6,994.01 – 7,020.00	$270
4,628.01 – 4,654.00	179	5,824.01 – 5,850.00	225	7,020.01 – 7,046.00	271
4,654.01 – 4,680.00	180	5,850.01 – 5,876.00	226	7,046.01 – 7,072.00	272
4,680.01 – 4,706.00	181	5,876.01 – 5,902.00	227	7,072.01 – 7,098.00	273
4,706.01 – 4,732.00	182	5,902.01 – 5,928.00	228	7,098.01 – 7,124.00	274
4,732.01 – 4,758.00	183	5,928.01 – 5,954.00	229	7,124.01 – 7,150.00	275
4,758.01 – 4,784.00	184	5,954.01 – 5,980.00	230	7,150.01 – 7,176.00	276
4,784.01 – 4,810.00	185	5,980.01 – 6,006.00	231	7,176.01 – 7,202.00	277
4,810.01 – 4,836.00	186	6,006.01 – 6,032.00	232	7,202.01 – 7,228.00	278
4,836.01 – 4,862.00	187	6,032.01 – 6,058.00	233	7,228.01 – 7,254.00	279
4,862.01 – 4,888.00	188	6,058.01 – 6,084.00	234	7,254.01 – 7,280.00	280
4,888.01 – 4,914.00	189	6,084.01 – 6,110.00	235	7,280.01 – 7,306.00	281
4,914.01 – 4,940.00	190	6,110.01 – 6,136.00	236	7,306.01 – 7,332.00	282
4,940.01 – 4,966.00	191	6,136.01 – 6,162.00	237	7,332.01 – 7,358.00	283
4,966.01 – 4,992.00	192	6,162.01 – 6,188.00	238	7,358.01 – 7,384.00	284
4,992.01 – 5,018.00	193	6,188.01 – 6,214.00	239	7,384.01 – 7,410.00	285
5,018.01 – 5,044.00	194	6,214.01 – 6,240.00	240	7,410.01 – 7,436.00	286
5,044.01 – 5,070.00	195	6,240.01 – 6,266.00	241	7,436.01 – 7,462.00	287
5,070.01 – 5,096.00	196	6,266.01 – 6,292.00	242	7,462.01 – 7,488.00	288
5,096.01 – 5,122.00	197	6,292.01 – 6,318.00	243	7,488.01 – 7,514.00	289
5,122.01 – 5,148.00	198	6,318.01 – 6,344.00	244	7,514.01 – 7,540.00	290
5,148.01 – 5,174.00	199	6,344.01 – 6,370.00	245	7,540.01 – 7,566.00	291
5,174.01 – 5,200.00	200	6,370.01 – 6,396.00	246	7,566.01 – 7,592.00	292
5,200.01 – 5,226.00	201	6,396.01 – 6,422.00	247	7,592.01 – 7,618.00	293
5,226.01 – 5,252.00	202	6,422.01 – 6,448.00	248	7,618.01 – 7,644.00	294
5,252.01 – 5,278.00	203	6,448.01 – 6,474.00	249	7,644.01 – 7,670.00	295
5,278.01 – 5,304.00	204	6,474.01 – 6,500.00	250	7,670.01 – 7,696.00	296
5,304.01 – 5,330.00	205	6,500.01 – 6,526.00	251	7,696.01 – 7,722.00	297
5,330.01 – 5,356.00	206	6,526.01 – 6,552.00	252	7,722.01 – 7,748.00	298
5,356.01 – 5,382.00	207	6,552.01 – 6,578.00	253	7,748.01 – 7,774.00	299
5,382.01 – 5,408.00	208	6,578.01 – 6,604.00	254	7,774.01 – 7,800.00	300
5,408.01 – 5,434.00	209	6,604.01 – 6,630.00	255	7,800.01 – 7,826.00	301
5,434.01 – 5,460.00	210	6,630.01 – 6,656.00	256	7,826.01 – 7,852.00	302
5,460.01 – 5,486.00	211	6,656.01 – 6,682.00	257	7,852.01 – 7,878.00	303
5,486.01 – 5,512.00	212	6,682.01 – 6,708.00	258	7,878.01 – 7,904.00	304
5,512.01 – 5,538.00	213	6,708.01 – 6,734.00	259	7,904.01 – 7,930.00	305
5,538.01 – 5,564.00	214	6,734.01 – 6,760.00	260	7,930.01 – 7,956.00	306
5,564.01 – 5,590.00	215	6,760.01 – 6,786.00	261	7,956.01 – 7,982.00	307
5,590.01 – 5,616.00	216	6,786.01 – 6,812.00	262	7,982.01 – 8,008.00	308
5,616.01 – 5,642.00	217	6,812.01 – 6,838.00	263	8,008.01 – 8,034.00	309
5,642.01 – 5,668.00	218	6,838.01 – 6,864.00	264	8,034.01 – 8,060.00	310
5,668.01 – 5,694.00	219	6,864.01 – 6,890.00	265	8,060.01 – 8,086.00	311
5,694.01 – 5,720.00	220	6,890.01 – 6,916.00	266	8,086.01 – 8,112.00	312
5,720.01 – 5,746.00	221	6,916.01 – 6,942.00	267	8,112.01 – 8,138.00	313
5,746.01 – 5,772.00	222	6,942.01 – 6,968.00	268	8,138.01 – 8,164.00	314
5,772.01 – 5,798.00	223	6,968.01 – 6,994.00	269	8,164.01 – 8,190.00	315

Talahanayan ng Benepisyo ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho
Para sa Mga Bagong Claim na may Petsa ng Pagsisimula na Enero 2, 2005 o Pagkatapos Nito

Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo	Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo	Halaga ng Mga Sahod sa Pinakamataas na Quarter	Halaga ng Lingguhang Benepisyo
$ 8,190.01 – 8,216.00	$316	$ 9,386.01 – 9,412.00	$362	$10,582.01 – 10,608.00	$408
8,216.01 – 8,242.00	317	9,412.01 – 9,438.00	363	10,608.01 – 10,634.00	409
8,242.01 – 8,268.00	318	9,438.01 – 9,464.00	364	10,634.01 – 10,660.00	410
8,268.01 – 8,294.00	319	9,464.01 – 9,490.00	365	10,660.01 – 10,686.00	411
8,294.01 – 8,320.00	320	9,490.01 – 9,516.00	366	10,686.01 – 10,712.00	412
8,320.01 – 8,346.00	321	9,516.01 – 9,542.00	367	10,712.01 – 10,738.00	413
8,346.01 – 8,372.00	322	9,542.01 – 9,568.00	368	10,738.01 – 10,764.00	414
8,372.01 – 8,398.00	323	9,568.01 – 9,594.00	369	10,764.01 – 10,790.00	415
8,398.01 – 8,424.00	324	9,594.01 – 9,620.00	370	10,790.01 – 10,816.00	416
8,424.01 – 8,450.00	325	9,620.01 – 9,646.00	371	10,816.01 – 10,842.00	417
8,450.01 – 8,476.00	326	9,646.01 – 9,672.00	372	10,842.01 – 10,868.00	418
8,476.01 – 8,502.00	327	9,672.01 – 9,698.00	373	10,868.01 – 10,894.00	419
8,502.01 – 8,528.00	328	9,698.01 – 9,724.00	374	10,894.01 – 10,920.00	420
8,528.01 – 8,554.00	329	9,724.01 – 9,750.00	375	10,920.01 – 10,946.00	421
8,554.01 – 8,580.00	330	9,750.01 – 9,776.00	376	10,946.01 – 10,972.00	422
8,580.01 – 8,606.00	331	9,776.01 – 9,802.00	377	10,972.01 – 10,998.00	423
8,606.01 – 8,632.00	332	9,802.01 – 9,828.00	378	10,998.01 – 11,024.00	424
8,632.01 – 8,658.00	333	9,828.01 – 9,854.00	379	11,024.01 – 11,050.00	425
8,658.01 – 8,684.00	334	9,854.01 – 9,880.00	380	11,050.01 – 11,076.00	426
8,684.01 – 8,710.00	335	9,880.01 – 9,906.00	381	11,076.01 – 11,102.00	427
8,710.01 – 8,736.00	336	9,906.01 – 9,932.00	382	11,102.01 – 11,128.00	428
8,736.01 – 8,762.00	337	9,932.01 – 9,958.00	383	11,128.01 – 11,154.00	429
8,762.01 – 8,788.00	338	9,958.01 – 9,984.00	384	11,154.01 – 11,180.00	430
8,788.01 – 8,814.00	339	9,984.01 – 10,010.00	385	11,180.01 – 11,206.00	431
8,814.01 – 8,840.00	340	10,010.01 – 10,036.00	386	11,206.01 – 11,232.00	432
8,840.01 – 8,866.00	341	10,036.01 – 10,062.00	387	11,232.01 – 11,258.00	433
8,866.01 – 8,892.00	342	10,062.01 – 10,088.00	388	11,258.01 – 11,284.00	434
8,892.01 – 8,918.00	343	10,088.01 – 10,114.00	389	11,284.01 – 11,310.00	435
8,918.01 – 8,944.00	344	10,114.01 – 10,140.00	390	11,310.01 – 11,336.00	436
8,944.01 – 8,970.00	345	10,140.01 – 10,166.00	391	11,336.01 – 11,362.00	437
8,970.01 – 8,996.00	346	10,166.01 – 10,192.00	392	11,362.01 – 11,388.00	438
8,996.01 – 9,022.00	347	10,192.01 – 10,218.00	393	11,388.01 – 11,414.00	439
9,022.01 – 9,048.00	348	10,218.01 – 10,244.00	394	11,414.01 – 11,440.00	440
9,048.01 – 9,074.00	349	10,244.01 – 10,270.00	395	11,440.01 – 11,466.00	441
9,074.01 – 9,100.00	350	10,270.01 – 10,296.00	396	11,466.01 – 11,492.00	442
9,100.01 – 9,126.00	351	10,296.01 – 10,322.00	397	11,492.01 – 11,518.00	443
9,126.01 – 9,152.00	352	10,322.01 – 10,348.00	398	11,518.01 – 11,544.00	444
9,152.01 – 9,178.00	353	10,348.01 – 10,374.00	399	11,544.01 – 11,570.00	445
9,178.01 – 9,204.00	354	10,374.01 – 10,400.00	400	11,570.01 – 11,596.00	446
9,204.01 – 9,230.00	355	10,400.01 – 10,426.00	401	11,596.01 – 11,622.00	447
9,230.01 – 9,256.00	356	10,426.01 – 10,452.00	402	11,622.01 – 11,648.00	448
9,256.01 – 9,282.00	357	10,452.01 – 10,478.00	403	11,648.01 – 11,674.00	449
9,282.01 – 9,308.00	358	10,478.01 – 10,504.00	404	11,674.01 – at higit pa	450
9,308.01 – 9,334.00	359	10,504.01 – 10,530.00	405		
9,334.01 – 9,360.00	360	10,530.01 – 10,556.00	406		
9,360.01 – 9,386.00	361	10,556.01 – 10,582.00	407		

Panahon ng Paghihintay

Ang unang linggo pagkatapos mong ihain ang iyong claim ay karaniwan ang panahon ng paghihintay at hindi magbibigay ng mga benepisyo para sa linggong iyon.

Huwag mag-aksaya ng oras bago maghain dahil hindi babayaran ang panahon ng paghihintay. Hindi magsisimula ang panahon ng paghihintay hangga't hindi inihahain ang claim at hindi ka nagpapa-certify para sa linggo ng panahon ng paghihintay.

Upang sumailalim sa panahon ng paghihintay, dapat kang magpa-certify para sa mga benepisyo gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan: UI Online℠, EDD Tele-Cert℠, o sa pamamagitan ng pagpapadala sa papel na *Continued Claim Form,* DE 4581, (Form para sa Ipinagpatuloy na Claim).

Pagpapa-certify para sa Mga Benepisyo

Pagkatapos mong maghain ng claim sa UI, dapat kang magpa-certify bawat dalawang linggo na patuloy mong natutugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado upang mabayaran ng mga benepisyo. Magpapadala sa iyo ang EDD ng papel na *Continued Claim Form,* DE 4581, (Form para sa Ipinagpatuloy na Claim), upang magpa-certify ka sa pamamagitan ng mail, ngunit inirerekomenda ng EDD na magpa-certify ka online gamit ang UI Online℠ sa **www.edd.ca.gov/UI_Online**, dahil isa itong mabilis, madali, at secure na paraan upang magpa-certify.

Maaari ka ring magpa-certify sa telepono gamit ang EDD Tele-Cert℠ sa 1-866-333-4606. Sa pamamagitan ng EDD Tele-Cert℠, makakapagpa-certify ka para sa iyong mga benepisyo ng UI bawat dalawang linggo sa telepono, sa pagtawag sa Naka-automate na Self-Service na toll-free na numero ng EDD at gamit ang naka-automate na Interactive Voice Response (IVR) system. Para sa higit pang impormasyon sa EDD Tele-Cert℠, buksan ang **http://www.edd.ca.gov/pdf_pub_ctr/de2335.pdf**.

Mga Pagbabayad

- Dapat mong matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa UI upang mabigyan ng mga benepisyo.

- Upang matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, dapat kang magpa-certify para sa mga benepisyo gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan: UI Online℠, EDD Tele-Cert℠, o sa pamamagitan ng pagpapadala sa papel na *Continued Claim Form,* DE 4581, (Form para sa Ipinagpatuloy na Claim).

- Ibinibigay ang mga pagbabayad pagkatapos mong magpa-certify para sa mga benepisyo gamit ang isa sa tatlong paraan ng pagpapa-certify.

- Walang paunang ibinibigay na mga bayad.

- Ang unang bayad sa isang bagong claim sa California ay karaniwang ibinibigay sa loob ng tatlong linggo pagkatapos maghain.

- Karaniwan kang babayaran bawat dalawang linggo. Magbibigay ng bagong EDD Debit Card℠ sa unang pagbabayad ng UI sa iyo. May bisa ang card sa loob ng tatlong taon. Ibibigay sa pamamagitan ng card na iyon ang mga susunod na pagbabayad ng benepisyo.

- Hindi nagbago ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo ng UI at dapat ay patuloy na matugunan ng mga claimant ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado upang makatanggap ng bayad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa EDD Debit Card℠, pumunta sa website sa **www.edd.ca.gov/Unemployment**.

Pag-uulat ng Mga Sahod

Dapat iulat ang lahat ng trabaho at sahod sa linggo ng pagtatrabaho mo, kahit na hindi ka nakakuha o nakatanggap ng bayad mula sa employer. Ang ilang uri ng kita na dapat iulat ay:

- Piece work
- Idle time pay
- Mga bayad sa hurado
- Mga komisyon
- Mga bayad sa saksi
- Bayad sa muling paggamit
- Bayad sa holiday
- Mga holding fee
- Mga residual (humingi ng form na DE 4005)
- May bayad na sick leave
- Pensyon, bayad sa pagreretiro, taunang bayad
- Vacation pay
- In-lieu-of-notice pay
- Mga bonus
- Mga tip
- Kita bilang self-employed
- Mga benepisyo sa pagwewelga/Bayad sa pagpipiket
- Standby pay
- Bereavement pay
- Back pay
- Kabayaran sa Mga Manggagawa

TANDAAN: Dapat mong iulat ang tirahan, pagkain o anumang iba pang bayad na natatanggap mo sa halip na pera kapag nagtrabaho ka. Kung hindi ka sigurado kung paano mag-ulat ng mga sahod, makipag-ugnayan sa EDD.

Part-Time na Trabaho

Kung hindi ganap na full-time ang trabaho mo, maaari ka pa ring maging kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo ng UI. Hindi isasama sa bilang ang unang $25 o 25 porsyento ng kabuuang kita mo para sa linggong iyon (alinman ang mas malaki). Ikakaltas ang halagang natitira sa halaga ng iyong lingguhang benepisyo. Halimbawa:

Ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo ay $50. Kumita ka ng $30. Dapat mong iulat ang $30; gayunpaman, hindi isasama sa bilang ang unang $25, kaya $5 na lang ang ikakaltas. Makakatanggap ka ng $45 ($50 na kinaltasan ng $5).

Ang halaga ng iyong lingguhang benepisyo ay $115. Hindi ganap na full-time ang trabaho mo at kumikita ka ng $124. Dapat mong iulat ang $124; gayunpaman, hindi kasama sa bilang ang unang $31 (25 porsyento ng $124), kaya $93 na lang ang ikakaltas. Makakatanggap ka ng $22 ($115 na kinaltasan ng $93).

Kung makatanggap ka ng anumang uri ng bayad mula sa isang dating employer at hindi mo alam kung dapat mong iulat ang bayad, makipag-ugnayan sa EDD at itanong ito. Maaari mo ring iulat ang bayad at magbigay ng paliwanag sa iyong form para sa claim. Pagpapasyahan ng EDD kung ikakaltas ang mga bayad o hindi.

Pagiging Kwalipikado

Kapag naghain ka ng claim sa UI, magtatanong sa iyo ang EDD ng ilang bagay upang mapagpasyahan ang pagiging kwalipikado mo na makatanggap ng mga benepisyo. Ang pagiging kwalipikado mo para sa mga benepisyo ng UI ay nakabatay sa dahilan kung bakit hindi ka na nagtatrabaho sa huling employer mo.

Kung tinanggal ka dahil sa mga usaping pangnegosyo, itinuturing ka na nawalan ng trabaho nang hindi mo kasalanan. Kung nagbitiw ka sa huling trabaho mo o kung tiniwalag ka, kakailanganing tukuyin ng EDD kung umalis ka sa trabaho sa mga kapani-paniwalang dahilan o kung pinaalis ka sa trabaho nang hindi dahil sa may ginawa kang kasalanan. Kung matukoy na nawalan ka ng trabaho nang hindi mo kasalanan, dapat mong matugunan ang patuloy na kwalipikasyon. Kapag nagpa-certify ka para sa mga lingguhang benepisyo, magtatanong sa iyo kaugnay ng pagiging kwalipikado bawat linggo. Kapag lumabas na maaaring hindi mo matugunan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ayon sa batas, makakatanggap ka ng nakasulat na abiso tungkol sa petsa at oras ng isang panayam para sa pagpapasya ng EDD. Para sa ilang isyu sa pagiging kwalipikado, maaari kang padalhan ng kahilingan para sa nakasulat na impormasyon sa halip na takdaan ng iskedyul para sa panayam sa telepono.

Pag-aabiso sa Employer

Aabisuhan ang huling employer mo kapag naghain ka ng claim. Aabisuhan din ang sinumang employer na nag-ambag sa iyong claim sa insurance sa pagkawala ng trabaho sa unang pagbabayad ng UI sa iyo. Alinsunod sa batas, inaatasan ang isang employer na bigyan ang EDD ng anumang impormasyon na maaaring makaapekto sa pagiging kwalipikado mo na makatanggap ng mga benepisyo.

Pagpapatunay ng Social Security Number

Maaari kang atasan ng EDD na patunayan na ang iyong Social Security number (SSN) ay ang ibinigay sa iyo ng Social Security Administration (SSA).

Maaaring maapektuhan ang pagiging kwalipikado mo na makatanggap ng mga benepisyo kung isasaad sa impormasyong makukuha ng EDD ang alinman sa mga sumusunod:

- Maaaring ibang indibidwal ang nagmamay-ari sa ipinahayag na SSN.
- Hindi wasto ang SSN.
- Hindi nagbigay ng ganoong SSN ang SSA.
- Maaaring ibang indibidwal ang nagmamay-ari sa mga sahod na ipinapakita sa batayang panahon ng claim.

Ang ilan sa mga pinakakaraniwang error na nauugnay sa mga SSN ay:

- Mali ang ginagamit na SSN. Maaaring nakalimutan mo ang numero o napagbali-baligtad mo ang numero noong ibinigay mo ito sa iyong employer.
- Magkaiba ang pangalang nakatala sa SSA at ang pangalang ginamit mo upang ihain ang iyong claim. Maaaring nagbago ang iyong pangalan at hindi mo naabisuhan ang SSA.
- Magkaiba ang petsa ng kapanganakan na nakatala sa SSA at ang petsa ng kapanganakan na ibinigay mo noong inihain mo ang iyong claim.

Kung aatasan ka ng EDD na patunayan mo ang iyong SSN, dapat kang magsumite ng kumpletong kopya ng iyong Social Security Statement, na natatanggap mo taun-taon mula sa Social Security Administration. Hindi sapat ang pagbibigay ng kopya ng iyong Social Security card upang matugunan ang kinakailangang ito.

Upang makakuha ng kopya ng kumpletong Social Security Statement mo o upang mahanap ang pinakamalapit na tanggapan ng SSA sa iyo, i-access ang website ng SSA sa **www.ssa.gov**.

Mga Panayam sa Telepono

Mga Isyu sa Pagiging Kwalipikado

Makikipag-ugnayan sa iyo ang EDD kapag may tanong patungkol sa pagiging kwalipikado mo kung:

- Nagbitiw ka sa huling trabaho mo.
- Nasisante ka sa huling trabaho mo.
- Nawalan ka ng trabaho dahil sa isang lockout o pagwewelga.
- Nagbitiw ka, o hindi ka makapagtrabaho, dahil walang mag-aalaga sa bata.
- Hindi ka makapagtrabaho sa mga normal na oras ng trabaho dahil sa karamdaman o pinsala.
- Pumapasok ka sa paaralan sa mga normal na oras ng trabaho.
- Wala kang masakyan.
- Hindi ka naghanap ng trabaho.
- Nagtrabaho ka at/o sumahod na maaaring magpababa sa iyong mga benepisyo ng UI.
- Nakakatanggap ka ng pensyon.
- Nakakatanggap ka ng Kabayaran sa Mga Manggagawa.
- Lipas na sa takdang oras ang pagpapadala mo ng form para sa claim.
- Lipas na sa takdang oras ang pagpapa-certify mo gamit ang UI Online℠ o EDD Tele-Cert℠.
- Hiniling mong ipalipat sa mas maagang petsa ang petsa ng pagsisimula ng iyong claim.
- Tinanggihan mo ang isang trabaho.
- Nagbigay ka ng maling impormasyon o hindi ka nagbigay ng impormasyon.

- Hindi ka lumahok sa mga serbisyo para sa muling pagtatrabaho.
- Isa kang empleyado ng paaralan na naghahain ng claim habang bakasyon.
- Isa kang propesyonal na atleta na naghahain ng claim habang off-season.

Panayam sa Telepono/Pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Mail
Upang maresolba ang mga isyu sa pagiging kwalipikado, magtatakda ang EDD ng iskedyul upang makapanayam ka sa telepono o makikipag-ugnayan ito sa iyo sa pamamagitan ng mail para sa karagdagang impormasyon. Kapag hindi mo sinagot ang nakaiskedyul na panayam para sa pagpapasya o kapag hindi ka tumugon sa kahilingan ng EDD para sa impormasyon, maaaring hindi ka bigyan ng mga benepisyo ng UI. Kung maiiskedyul ka para sa isang panayam sa telepono, padadalhan ka ng EDD ng abiso na magpapaalam sa iyo ng petsa at oras kung kailan isasagawa ang panayam sa telepono. Tatawagan ka ng isang tagapanayam ng EDD sa nakatakdang oras ng panayam na ito. Mayroon kang karapatang humiling ng higit pang oras kung kailangan mo pang kumuha ng impormasyon, makipag-ugnayan sa mga saksi, o humingi ng payo sa isang kinatawan. Kung may sangkot na employer sa isyu sa pagiging kwalipikado, maaaring makipag-ugnayan sa employer ang tagapanayam ng EDD para sa karagdagang impormasyon.

Magtatanong sa iyo ang tagapanayam ng EDD, idodokumento niya ang makukuhang impormasyon, at pagpapasyahan niya kung kwalipikado ka.

Kung nagpadala sa iyo ng nakasulat na kahilingan para sa impormasyon at tumugon ka sa pamamagitan ng mail, gagamitin ng tagapanayam ng EDD ang ibinigay mong impormasyon upang pagpasyahan kung kwalipikado ka.

Kung kwalipikado ka, ibibigay ang bayad sa iyo sa EDD Debit Card℠. Kung hindi ka bibigyan ng mga benepisyo ng UI, padadalhan ka ng abiso sa diskwalipikasyon. Isasaad sa abiso ang dahilan sa aming pagpapasya at binibigyan ka nito ng mga karapatan sa pag-apela.

MAHALAGA: Kung mag-iskedyul ang EDD ng panayam sa telepono, o magpadala ito sa iyo ng nakasulat na kahilingan para sa impormasyon, dapat kang patuloy na magpa-certify para sa mga benepisyo sa pamamagitan ng paggamit sa UI Online℠, EDD Tele-Cert℠, o sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyong papel na *Continued Claim Form,* DE 4581, (Form para sa Ipinagpatuloy na Claim). Kung mapagpasyahan na kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng UI, hindi kami magbibigay ng bayad sa iyo hangga't hindi ka nagpapa-certify para sa linggong iyon.

Mga Apela
Ikaw o ang employer ay mayroong 30 araw sa kalendaryo upang mag-apela pagkatapos magbigay sa iyo ng nakasulat na abiso. Nakasulat dapat ang iyong apela at dapat isaad dito ang mga dahilan ng pag-apela mo. Kung hindi ka makakapag-apela sa loob ng 30 araw na palugit, maaari ka pa ring mag-apela ngunit dapat kang maghain ng magandang dahilan kung bakit ito nahuli.

Bago ang pagdinig, mayroon kang karapatang suriin ang lahat ng talaan na nakakaapekto sa apela. Ibibigay ang mga talaang iyon ng California Unemployment Insurance Appeals Board (Kapulungan ng California para sa Mga Pag-apela sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho). Para sa iyong apela, maaaring ikaw mismo ang kumatawan sa iyong sarili o maaaring may ibang kumatawan sa iyo gaya ng isang opisyal ng unyon, abugado, o sinumang iba pang pipiliin mo.

Pangangasiwaan ang pagdinig para sa iyong apela ng isang malayang administrative law judge (hukom ng administratibong batas). Hindi pormal ang mga pagdinig ngunit isasagawa ang lahat ng testimonya nang nanunumpang katotohanan lang ang ipapahayag at isasailalim ito sa panibagong cross-examination (interogasyon). Aabisuhan ka kung kailan at saan gaganapin ang pagdinig.

Kung hindi ka masisiyahan sa pasya ng hukom ng administratibong batas, maaari kang umapela sa Kapulungan ng California para sa Mga Pag-apela sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho.

Ang iyong mga karapatan sa higit pang pag-apela ay ipapaliwanag sa nakasulat na pasya na ipadadala sa iyo.

Habang nakabinbin ang apela, dapat ka pa ring patuloy na magpa-certify para sa mga benepisyo ng UI sa pamamagitan ng UI Online℠, EDD Tele-Cert℠, o sa pamamagitan ng pagpapadala sa papel na *Continued Claim Form,* DE 4581, (Form para sa Ipinagpatuloy na Claim), sa bawat linggo na gusto mong makatanggaap ng mga benepisyo ng UI.

Pagkakansela ng Claim

Mayroon kang opsyong magkansela ng claim sa UI sa California pagkatapos maipadala sa iyo ang iyong *Notice of Unemployment Insurance Award,* DE 429Z, (Abiso sa Pagbibigay ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho). Maaari ka lang magkansela ng claim sa UI kung walang mga ibinigay na benepisyo, walang ipinadala sa iyo na abiso sa diskwalipikasyon, at/o walang napatunayang sobrang bayad sa claim. Kung kakanselahin ang isang claim, hindi na muling mabubuksan ang claim na iyon, ngunit maaari kang maghain ng bagong claim sa UI sa ibang araw. Kung hindi kakanselahin ang orihinal na claim, hindi maaaring maghain ng panibagong claim sa California sa loob ng 52 linggo mula sa petsa ng pagsisimula ng claim.

Paghiling ng Mga Kopya ng Iyong Mga Dokumento ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho

Kung kailangan mo ng mga kopya ng mga dokumento ng claim sa UI para sa mga personal na dahilan, makipag-ugnayan sa EDD.

Mga Hindi Saklaw na Manggagawa

Hindi karaniwang saklaw ng UI ang mga sumusunod na pangkat ng mga manggagawa:

- Mga nahalal na opisyal.
- Self-employed.
- Mga mag-aaral na naka-enroll at regular na pumapasok sa klase sa paaralan o institusyong pang-edukasyon kung saan siya nagtatrabaho.

- Asawa ng isang mag-aaral na nagtatrabaho sa isang institusyong pang-edukasyon sa ilalim ng isang programa para sa pagtatrabaho na ibinigay upang pinansyal na tulungan ang mag-aaral.

- Mga magulang na nagtatrabaho sa kanilang mga anak.

- Asawang nagtatrabaho sa kanyang asawa.

- Ilang partikular na salesperson na lisensyado ng estado na binabayaran lang ng mga komisyon.

- Mga caddie at jockey.

Kung hindi mo alam kung saklaw ka, huwag isuko ang iyong mga karapatan. Makipag-ugnayan sa EDD para sa higit pang impormasyon.

Piniling Saklaw

Sa ilang partikular na kundisyon, maaaring piliin ng mga employer na may mga empleyadong may mga serbisyong hindi kabilang sa saklaw na trabaho na gawing saklaw ang mga serbisyong iyon. Kung hindi ka sigurado kung kwalipikado ka na matanggap ang mga benepisyong ito, dapat kang makipag-ugnayan sa EDD.

Pensyon o Bayad sa Pagreretiro

Maaaring maapektuhan ang iyong mga benepisyo ng UI kung nakakatanggap ka ng pensyon, bayad sa pagreretiro, taunang bayad, o iba pang katulad na pagbabayad batay sa dati mong trabaho. Pagpapasyahan ng EDD ang iyong karapatang makatanggap ng mga benepisyo pagkatapos ihain ang iyong claim.

Mga Obligasyon sa Sustento sa Anak

Maaaring maapektuhan ang iyong mga benepisyo ng UI kung inaatasan kang magbayad para sa sustento sa anak sa isang hukuman, tanggapan ng District Attorney, o iba pang ahensya sa pagpapatupad ng sustento sa anak. Pagpapasyahan ang karapatan mong makatanggap ng mga benepisyo pagkatapos ihain ang iyong claim.

Mga Pinalawak na Benepisyo

Magkakaroon lang ng mga pinalawak na benepisyo kapag matutumbasan o malalagpasan ng rate ng may insurance na pagkawala ng trabaho ang isang partikular na porsyento ng itatakda ng batas ng estado at/o pederal na batas o kapag inaprubahan ng pederal na pamahalaan ang espesyal na batas sa pinalawak na benepisyo.

Sa pangkalahatan, upang maging kwalipikadong makatanggap ng mga pinalawak na benepisyo, natanggap mo na dapat ang lahat ng maibibigay na benepisyo sa huling regular na claim mo. Bukod pa rito, dapat mong matugunan ang lahat ng pamantayan sa pagiging kwalipikado. Hindi ka makakapaghain ng claim sa pinalawak na benepisyo kung maaari ka pang maghain ng wastong claim sa bisa ng anumang batas ng estado o pederal na batas.

Pagbubuwis sa Mga Benepisyo

Alinsunod sa Federal Tax Reform Act of 1986, pederal na bubuwisan ang lahat ng benepisyo ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho na matatanggap pagkatapos ng Disyembre 31, 1986. Maaari mong hilingin na kaltasan ng mga pederal na income tax ang pagbabayad ng benepisyo ng UI sa iyo. Mayroon ka ng opsyong ito sa bawat form para sa claim. Mananatili lang na may bisa ang pipiliin mo hanggang sa ipadala mo ang susunod mong form para sa claim. Boluntaryo lang ang opsyon; hindi ka inaatasang magpakaltas ng mga buwis sa iyong mga benepisyo. Magbibigay ang EDD ng taunang statement, ang Form 1099G, sa bawat indibidwal kung saan isinasaad ang kabuuang ibinigay na benepisyo at kabuuang kinaltas na pederal na buwis sa buong taon. Ipadadala sa iyo ng EDD ang Form 1099G na nagsasaad sa halaga ng mga ibinigay na benepisyo sa iyo sa nakalipas na taon. Dapat dumating ang Form 1099G bago sumapit ang Enero 31. Kung hindi mo matatanggap ang Form 1099G, maaari kang humiling ng duplicate sa pamamagitan ng pagla-log in sa iyong UI Online℠ account at pagpili sa link ng Form 1099G sa Main Menu o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-401-2849. Ang mga indibidwal na maaaring may dapat bayarang income tax ay inaatasang bayaran ang anumang mga halagang dapat bayaran sa paghahain nila sa kanilang mga tax return. Kung mayroon kang anumang mga tanong patungkol sa iyong pananagutan sa buwis, makipag-ugnayan sa Internal Revenue Service.

Mga Espesyal na Programa

- **California Training Benefits (CTB, Mga Benepisyo sa Pagsasanay sa California)**
  Sa pamamagitan ng programang ito, makakapagsanay muli ang mga kwalipikadong recipient ng UI para sa mga bagong trabaho habang natatanggap nila ang kanilang mga benepisyo. Hindi kailangan ng mga indibidwal na naaprubahan para sa pagsasanay ng CTB na: maghanap ng trabaho, maging handang tumanggap ng trabaho, o tumanggap ng naaangkop na trabaho.

  Upang patuloy na makatanggap ng mga lingguhang benepisyo ng UI habang muli kang nagsasanay, dapat aprubahan ng EDD ang iyong pagsasanay para sa programang CTB. Ang pagsasanay na ikaw mismo ang pipili o kaya ay awtorisado ng mga programa ng Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA), Employment Training Panel (ETP, Panel ng Pagsasanay para sa Pagtatrabaho), CalWORKs, o Trade Adjustment Assistance (Tulong sa Pag-angkop sa Kalakalan) ay maaaring maaprubahan para sa programang CTB kung kwalipikado kang makatanggap ng mga benepisyo ng UI. Maaari ding maaprubahan ang iyong pagsasanay kung ang provider at programa ng pagsasanay na pipiliin mo ay kabilang sa Eligible Training Provider List (EPTL, Listahan ng Kwalipikadong Provider ng Pagsasanay) ng California; kung isa kang miyembro ng unyon o asosasyong pangkalakalan na nasa journey level na dumadalo sa pagsasanay na naaprubahan ng unyon o asosasyong pangkalakalan; o kaya ay kung kabilang ka sa pagsasanay para sa apprenticeship na naaprubahan ng Estado o Pederal na Pamahalaan; o kaya ay kung isa kang guro na natanggal sa trabaho dahil sa mga usaping pangnegosyo ngunit aprubado ka sa bisa ng isang programa ng kredensyal para sa matematika, agham, o special education.

- **Mga Claim sa Pagpapalawak ng Pagsasanay:** Maaaring makakuha ng pagpapalawak ng mga benepisyo sa pagsasanay ng CTB bukod pa sa iyong regular na claim sa UI habang nasa naaprubahang pagsasanay ka. Upang maging kwalipikadong makatanggap ng mga pinalawak na benepisyo sa pagsasanay, **dapat** kang humingi ng impormasyon tungkol sa CTB o mag-apply para sa pag-apruba sa pagsasanay ng CTB **sa EDD nang hindi lalampas sa ika-16 na linggo** ng pagbabayad sa iyo ng mga benepisyo ng UI. Kung ang natanggap mo para sa iyong claim sa UI ay 16 na linggo o wala pa, dapat kang humingi ng impormasyon o mag-apply bago mo matanggap ang **huling** pagbabayad ng benepisyo ng UI sa iyo. Upang maghain ng claim sa mga pinalawak na benepisyo sa pagsasanay, tumawag sa EDD o maghain online sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov**.

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa programang CTB sa *California Training Benefi ts Program - Fact Sheet,* DE 8714U, (Programang Mga Benepisyo sa Pagsasanay sa California - Fact Sheet), sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov/Unemployment**. Piliin ang "Forms and Publications" ("Mga Form at Lathalain") at pagkatapos ay ang "Fact Sheets" ("Mga Fact Sheet").

Upang madagdagan ang nalalaman tungkol sa pagsasanay na mayroon sa iyong lugar, pati na rin ang pangalan at address ng America's Job Center of California℠ na pinakamalapit sa iyo, tumawag sa Naka-automate na Self-Service na toll-free na numero ng EDD sa 1-866-333-4606 o pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov**. Maaari ka ring tumawag sa Toll-Free na Help Line ng Employment and Training Administration (Administrasyon para sa Pagtatrabaho at Pagsasanay) sa 1-877-US2-JOBS (1-877-872-5627), o pumunta sa website nito sa **www.servicelocator.org**

- **Mga Programa ng Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA):** Kung nawalan ka ng trabaho at kailangan mo ng pagsasanay para sa trabaho, o kung kailangan mong magsanay muli para sa mga kasalukuyang kakayahan, maaaring makatulong sa iyo ang mga programa ng WIOA. Ang Mga Serbisyo ng WIOA ng California ay ibinibigay sa pamamagitan ng America's Job Center of California℠, alinsunod sa gabay ng patakaran ng Local Workforce Investment Boards (Mga Lokal na Kapulungan sa Pamumuhunan sa Lakas-Paggawa). Nag-aalok ang WIOA ng mga programa sa edukasyon at pagsasanay para sa trabaho para sa matatanda at kabataan na nahihirapang kumita. May mga programa para sa espesyal na pagsasanay at pagpapahusay sa mga kakayahan para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho dahil sa mga pagsasara ng planta o pagbabawas ng lakas-paggawa.

- **Employment Training Panel (ETP, Panel ng Pagsasanay para sa Pagtatrabaho):** Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo ng UI, o natanggap mo na ang lahat ng maaaring makuhang benepisyo at wala kang trabaho, o malaki ang posibilidad na mawalan ka ng trabaho dahil pinaplano ng iyong employer na magbawas ng operasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa pagsasanay na naaprubahan ng ETP. Pumunta sa website ng ETP sa **www.etp.ca.gov** para sa isang listahan ng mga oportunidad sa pagsasanay na kasalukuyang pinopondohan.

- **Disaster Unemployment Assistance (DUA, Tulong sa Nawalan ng Trabaho dahil sa Sakuna):** Nagbibigay ng tulong-pinansyal sa mga indibidwal na nawalan o natigilan ng trabaho o self-employment bilang direktang resulta ng isang malaking sakuna at **hindi** kwalipikadong makatanggap ng mga regular na benepisyo ng insurance sa pagkawala ng trabaho. Makukuha ang mga benepisyong ito kapag nagdeklara ang Presidente ng Estados Unidos ng malaking sakuna. Maaaring maghain ng claim ang mga claimant pagkatapos mag-anunsyo ng EDD na mayroon nang mga benepisyo para sa mga naapektuhan ng sakuna. Kung maaaring makakuha ng mga benepisyo ng DUA, magpo-post ng impormasyon tungkol sa UI sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov**.

- **Trade Adjustment Assistance (TAA, Tulong sa Pag-angkop sa Kalakalan)/Re-employment Trade Adjustment Assistance (RTAA, Tulong sa Pag-angkop sa Kalakalan para sa Muling Pagtatrabaho):** Ang programang TAA ay isang pederal na pinopondohang programa na nagbibigay ng pagsasanay at mga benepisyo at serbisyong nauugnay sa pagsasanay sa mga manggagawang na-certify ng U.S. Department of Labor (DOL) na nawalan ng

trabaho, o nabawasan ang mga oras ng trabaho at sahod, bilang resulta ng dumaming pag-angkat mula sa, o ng paglipat ng produksyon sa, ibang bansa. Nagbibigay ang programang RTAA ng mga subsidy sa sahod sa mga indibidwal na 50 taong gulang o mas matanda pa na magbabalik-trabaho nang mas maliit ang kita kaysa sa dati nilang trabaho na naapektuhan ng kalakalan.

- **Mga Benepisyo ng Work Sharing (Pagbabahagi ng Trabaho):** Maaari kang maging kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo ng Work Sharing (Pagbabahagi ng Trabaho) kung mayroong plan sa Pagbabahagi ng Trabaho na naaprubahan ng EDD ang iyong employer. Upang lumahok sa Pagbabahagi ng Trabaho, dapat bawasan ng iyong employer ang mga lingguhang oras ng trabaho at sahod mo nang minimum na 10 porsyento at nang hindi lalampas sa 60 porsyento. Matatanggap mo ang porsyento ng halaga ng iyong lingguhang benepisyo na naaangkop sa mga binawas na oras ng trabaho at sahod.

- **Mga Benepisyo para sa Mga Manggagawa sa Riles na Nawalan ng Trabaho:** Maaaring makakuha ng mga benepisyo ang mga manggagawa sa riles alinsunod sa U.S. Railroad Unemployment Insurance Act. Pinapangasiwaan ang programang ito ng U.S. Railroad Retirement Board (Kapulungan para sa Pagreretiro ng Mga Manggagawa sa Riles ng U.S.). Upang maghain ng claim, pumunta sa website na **www.rrb.gov/mep/ben_services.asp** o tumawag sa toll-free na numero sa 1-877-772-5772 mula 9:00 a.m. hanggang 3:30 p.m., Lunes hanggang Biyernes, upang makipag-usap sa isang kinatawan ng RRB.

State Disability Insurance (Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan mula sa Estado)

Ang programang State Disability Insurance (SDI, Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan mula sa Estado) ay nagbibigay ng mga panandaliang benepisyo na pamalit sa sahod na Disability Insurance (DI, Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan) at Paid Family Leave (PFL, May Bayad na Family Leave) sa mga kwalipikadong manggagawa na nangangailangang lumiban sa trabaho. Maaari kang maging kwalipikado para sa DI kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa karamdaman o pinsala na hindi nauugnay sa trabaho, pagbubuntis, o panganganak. Maaari kang maging kwalipikado para sa PFL upang mag-alaga ng miyembro ng pamilya na may malubhang karamdaman o upang makasama ang bagong anak.

Ang unang pitong araw ng iyong claim ay panahon ng paghihintay at walang mga ibibigay na benepisyo. Magsisimula ang mga benepisyo sa ikawalong araw ng kapansanan o family leave. Hindi ka maaaring sabay na makatanggap ng mga benepisyo ng DI at Unemployment Insurance (UI, Insurance sa Pagkawala ng Trabaho) o PFL sa loob ng isang yugto ng panahon. Magbibigay ng DI sa loob ng maximum na 52 linggo. Magbibigay ng PFL sa loob ng maximum na anim na linggo sa loob ng 12 buwan.

Saklaw Ka Ba ng Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan mula sa Estado?

Ang karamihan ng mga manggagawa na saklaw ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho ng California ay saklaw din ng SDI. Ganap na pinopondohan ang programa ng mga manggagawa sa pamamagitan ng payroll tax na kinakaltas sa kanilang mga sahod. Nakabatay ang kontribusyon sa isang porsyento ng mga sahod ng isang manggagawa. Maaaring mag-iba-iba ang rate ng kontribusyon taun-taon depende sa balanse sa Disability Fund. Makakakita ng partikular na impormasyon tungkol sa rate ng kontribusyon sa website at tanggapan ng EDD.

Hindi saklaw ng SDI ang mga empleyado ng mga lokal na pampublikong entity (maliban sa mga manggagawa sa mga ospital ng distrito) maliban na lang kung pipiliin ng employer na masaklaw sila nito. Maaaring piliin ng mga empleyado ng estado o ng mga institusyon ng mas mataas na edukasyon na pinopondohan ng estado na masaklaw ng SDI, sa pamamagitan ng kanilang mga unit sa kolektibong pagkakasundo. Maaaring piliin ng mga self-employed na indibidwal na masaklaw ng SDI.

Paghahain sa Iyong Claim sa Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan

- Para sa mas mabilis na proseso, ihain ang iyong claim gamit ang SDI Online sa **www.edd.ca.gov**. Ibigay ang numero ng pagtanggap sa iyong doktor/practitioner upang makumpleto ang sertipikasyong medikal.

- Upang mag-order ng form para sa claim online, pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov** o tumawag sa toll-free na numero para sa DI sa 1-800-480-3287. Maaari ka ring makakuha ng form sa iyong doktor/practitioner o employer, magpadala ng online na mensahe gamit ang Ask EDD, o pumunta sa isang tanggapan ng SDI.

- Ang *Claim Form for Disability Insurance (DI) Benefits (Form para sa Claim sa Mga Benepisyo ng Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan)* ay may mga tagubilin sa pagsagot sa form para sa claim. Napakahalagang ilagay ang iyong Social Security number at lagdaan at lagyan ng petsa ang form para sa claim. Pakisulat nang malinaw ang iyong impormasyon. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot sa form, tumawag sa toll-free na numero para sa DI sa 1-800-480-3287.

- Kapag nasagutan mo na ang Bahagi A na Part A, Claimant's Statement (Bahagi A na Pahayag ng Claimant), ipasagot sa iyong doktor/practitioner ang Part B, Physician/ Practitioner's Certificate (Bahagi B na Sertipikasyon ng Doktor/Practitioner).

- Dapat ipadala ang iyong claim sa loob ng 49 na araw mula sa unang araw ng iyong kapansanan. Kung hindi maisusumite ang iyong claim sa loob ng 49 na araw, maaaring hindi ka makatanggap ng mga benepisyo para sa bilang ng mga araw na nahuli ang claim maliban na lang kung makakapagbigay ka ng "magandang dahilan" sa paghahain nang lampas sa takdang oras. Upang magbigay ng magandang dahilan, maglakip ng detalyadong paliwanag sa iyong form para sa claim na nagsasabi sa DI kung bakit ito nahuli.

Nakaltasan Ka Na Ba ng Sobrang Buwis sa Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan mula sa Estado?

Maaari kang makakuha ng refund o credit sa mga sobrang kinaltas sa suweldo. Para sa impormasyon tungkol sa pagkuha ng refund o credit, pakisuri ang BInstruction Booklet for the State of California (Booklet ng Tagubilin para sa Estado ng California), Personal Income Tax Return, Form 540. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov/Payroll**.

Kung Kailangan Mo ng Higit Pang Impormasyon

Pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov** o maaari kang tumawag sa toll-free na numero sa 1-800-480-3287.

Toll-Free na Numero para sa Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan ng EDD

1-800-480-3287
Pindutin ang 1 para sa Ingles
Pindutin ang 2 para sa Spanish

Para sa mga user ng TTY, i-dial ang California Relay Service sa 711.

May Bayad na Family Leave

Maaari mong makuha ang mga benepisyo ng Paid Family Leave (PFL, May Bayad na Family Leave) kung hindi ka makapagtrabaho dahil kailangan mong mag-alaga ng miyembro ng pamilya na may malubhang karamdaman o makasama ang bagong anak. Hindi ka maaaring sabay na makatanggap ng mga benepisyo ng PFL at Disability Insurance (DI, Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan) o Unemployment Insurance (UI, Insurance sa Pagkawala ng Trabaho) sa loob ng isang yugto ng panahon. Magbibigay ng mga benepisyo ng PFL sa loob ng maximum na anim na linggo sa loob ng 12 buwan. Nagsimula noong Enero 1, 2004 ang mga kaltas sa saklaw ng PFL.

Saklaw Ka Ba ng May Bayad na Family Leave?

Ang PFL ay bahagi ng programang SDI. Ang mga manggagawang saklaw ng SDI ay saklaw din ng PFL.

Paano Maghain ng Claim sa May Bayad na Family Leave?

- Para sa mas mabilis na proseso, ihain ang iyong claim gamit ang SDI Online sa **www.edd.ca.gov**.

- Upang mag-order ng form para sa claim online, pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov** o tumawag sa toll-free na numero para sa PFL sa 1-877-238-4372. Maaari ka ring makakuha ng form sa iyong doktor/practitioner o employer, magpadala ng online na mensahe gamit ang Ask EDD, o pumunta sa isang tanggapan ng SDI.

Ang *Claim Form for Paid Family Leave (PFL) Benefits (Form para sa Claim sa Mga Benepisyo ng May Bayad na Family Leave)* ay may mga tagubilin sa pagsagot sa form para sa claim. Sagutan ang bahagi A at B para sa claim sa pagsasama-sama. Kailangang sagutan ang bahagi A, C, at D para sa claim sa pag-aalaga. Napakahalagang ilagay ang iyong Social Security number at lagdaan at lagyan ng petsa ang form para sa claim. Pakisulat nang malinaw ang iyong impormasyon. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot sa form, tumawag sa toll-free na numero para sa PFL.

Ipadala ang iyong form para sa claim sa loob ng 49 na araw mula sa unang araw ng iyong family leave. Kung hindi maisusumite ang iyong claim sa loob ng 49 na araw, maaaring hindi ka makatanggap ng mga benepisyo para sa bilang ng mga araw na nahuli ang claim maliban na lang kung makakapagbigay ka ng "magandang dahilan" sa paghahain nang lampas sa takdang oras. Upang magbigay ng magandang dahilan, maglakip ng detalyadong paliwanag sa iyong form para sa claim na nagsasabi sa PFL kung bakit ito nahuli.

Kung Kailangan Mo ng Higit Pang Impormasyon

Pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov** at piliin ang "Paid Family Leave" ("May Bayad na Family Leave"), o maaari kang tumawag sa toll-free na numero sa 1-877-238-4373.

Toll-Free na Numero para sa May Bayad na Family Leave ng EDD

1-877-238-4373

Pindutin ang 1 para sa Ingles
Pindutin ang 2 para sa Spanish
Pindutin ang 3 para sa Cantonese
Pindutin ang 4 para sa Vietnamese
Pindutin ang 5 para sa Armenian
Pindutin ang 6 para sa Tagalog
Pindutin ang 7 para sa Punjabi

Para sa mga user ng TTY, i-dial ang California Relay Service sa 711.

Workforce Services (Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa)

Ang EDD ay isang kasosyo sa sistema ng America's Job Center of California℠. Sa pamamagitan ng Workforce Services Branch (Sangay ng Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa), nagbibigay ang EDD ng mga programa at serbisyo para sa pagtatrabaho at pagsasanay sa halos 200 lokasyon ng serbisyo sa buong California. Walang babayaran sa mga serbisyo para sa mga naghahanap ng trabaho at mga employer. Kabilang sa mga serbisyo ang:

Mga Listing ng Trabaho

Gamit ang CalJobs℠, ang online na madudulugan para sa trabaho at résumé sa California, magagawa ng mga naghahanap ng trabaho na:

- Maghanap ng mga trabaho 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kahit saang may access sa Internet, gayundin sa mga mobile device gamit ang mobile application ng CalJobs℠ (makukuha sa iTunes at Google Play Store).

- Gamitin ang Résumé Builder upang gumawa ng maraming résumé at kung kwalipikado, i-refer ang kanilang mga sarili sa mga employer upang makunsidera.

- Tumuklas ng mga pagsasanay na panghanapbuhay, workshop, at iba pang mga kaganapan sa kanilang lugar.

Tulong sa Paghahanap ng Trabaho

Ang EDD, sa pakikipagtulungan sa iyong lokal na America's Job Center of California℠, ay nag-aalok ng iba't ibang workshop para sa mga paksang gaya ng pagsasanay sa paghahanap ng trabaho, pagsusulat ng résumé, at mga diskarte sa panayam. Bukod pa rito, maaari kang i-refer ng EDD sa mga madudulugan sa komunidad na kinabibilangan ng pagsasanay, edukasyon, at iba pang mga serbisyong nagbibigay-suporta.

Mga Espesyal na Programa at Serbisyo

Para sa mga naghahanap ng trabaho na nangangailangan ng higit pa sa self-service na paghahanap ng trabaho, may ilang walang bayad na programa ng tulong sa pagtatrabaho ang Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa ng EDD upang makatulong na malampasan ang mga hadlang sa pagtatrabaho:

Programa para sa Bingi at May Kapansanan sa Pandinig
Ang mga indibidwal na bingi o may kapansanan sa pandinig ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo sa pag-interpret, paghahanap ng angkop na trabaho, at pag-follow up upang makahanap ng trabaho o makatanggap ng mga serbisyo ng EDD. Makipag-ugnayan sa EDD sa pamamagitan ng paggamit sa mga toll-free na numero ng TTY, na direktang magkokonekta sa iyo sa isang kinatawan:

- Disability Insurance (Insurance sa Pagkakaroon ng Kapansanan): (TTY) 1-800-563-2441
- Paid Family Leave (May Bayad na Family Leave): (TTY) 1-800-445-1312
- Employment Tax (Buwis sa Pagtatrabaho): (TTY) 1-800-547-9565
- Unemployment Insurance (Insurance sa Pagkawala ng Trabaho): (TTY) 1-800-815-9387

Programang Experience Unlimited (Walang Limitasyong Karanasan)
Masusulit ng mga propesyonal mula sa iba't ibang larangan ang mga job club na inii-sponsor ng EDD. Libre ang Walang Limitasyong Karanasan at nagbibigay ito ng lugar kung saan maaaring regular na makipagkita ang mga naghahanap ng trabaho sa iba pang mga propesyonal upang magbahagi ng mga job lead, magbigay ng suporta, at i-update ang kanilang mga kakayahan sa paghahanap ng trabaho. Kabilang sa mga madudulugan ng mga miyembro ang mga workshop, pagsusuri sa résumé, mock interview, oportunidad sa pagpapalawak ng network, at marami pang iba.

Mga Migrante at Pampanahunang Magsasaka at Mga Manggagawa sa Industriya ng Food Processing
Nagbibigay ng tulong sa mga magsasaka at manggagawa sa industriya ng food processing na maaaring hindi pamilyar sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng network ng America's Job Center of California℠ o limitado ang kaalaman sa wika na maaaring makahadlang sa kanilang paghahanap ng trabaho.

Programa ng Mga Serbisyo para sa Mga Beterano
May mga espesyal na sinanay na kawani ang lahat ng tanggapan ng Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa ng EDD upang matiyak na matatanggap ng mga beterano ng U.S. Armed Forces (Hukbong Sandatahan ng U.S.) ang maximum na oportunidad sa pagtatrabaho at pagsasanay. Kabilang sa mga serbisyo ang pagpapayo, pagbibigay ng impormasyon tungkol sa labor market, mga referral sa trabaho, mga workshop sa paghahanap ng trabaho, at pagbuo ng trabaho sa mga potensyal na employer.

Youth Employment Opportunity Program (YEOP, Programa para sa Oportunidad sa Pagtatrabaho ng Kabataan)
Nagbibigay ng mga espesyal na serbisyo sa kabataan, na may edad 15 hanggang 25, upang matulungan sila sa pagkamit sa kanilang mga layunin sa edukasyon at hanapbuhay. Kabilang sa mga serbisyo ang peer advising (pagpapayo ng kapwa kabataan), mga referral sa mga serbisyong nagbibigay-suporta, mga workshop, mga referral sa trabaho at tulong sa paghahanap ng angkop na trabaho, at mga referral sa pagsasanay at mga gawain para sa pagtulong sa komunidad.

Saan Makakahingi ng Tulong

Makukuha ang mga programa at serbisyo ng Workforce Services (Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa) sa mga tanggapan ng Mga Serbisyo para sa Mga Manggagawa at mga lokasyon ng America's Job Center of California℠ sa buong Estado. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa Naka-automate na Self-Service na toll-free na numero ng EDD sa 1-866-333-4606 o pumunta sa website ng EDD sa **www.edd.ca.gov**. Maaari ka ring tumawag sa toll-free na Help Line ng Employment and Training Administration (Administrasyon para sa Pagtatrabaho at Pagsasanay) sa 1-877-US2-JOBS, 1-877-872-5627, o pumunta sa website nito sa **http://americasjobcenter.ca.gov/**.

ESTADO NG CALIFORNIA

LABOR AND WORKFORCE DEVELOPMENT AGENCY (AHENSYA NG PAGPAPAUNLAD NG PAGGAWA AT MGA MANGGAGAWA)

EMPLOYMENT DEVELOPMENT DEPARTMENT (KAGAWARAN NG PAGPAPAUNLAD NG PAGTATRABAHO)

Makukuha ang lathalaing ito sa website ng EDD sa
www.edd.ca.gov/pdf_pub_ctr/de2320.pdf

Ang EDD ay isang employer/programa para sa patas na oportunidad. Makakakuha ng mga tulong at serbisyo ang mga indibidwal na may mga kapansanan kapag hiniling nila. Kailangang isagawa ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero para sa impormasyon na nakatala sa booklet na ito.

DE 2320/T Rev. 60 (1-16) **(INTERNET)** Back Cover + 27 pages CU/GA 892A